

Dilang Hiram: Mga Salitang Español na Naiba ang Kahulugan sa Tagalog at Sugbuanong Binisaya

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 126-133
March 2021

Mary Joy C. Rebamonte (MAEd)¹, Geraldine C. Rebamonte (EdD)²
Cebu Normal University, Osmeña Boulevard, Cebu City, Philippines
maryjoyrebamonte@gmail.com, geraldinecruzrebamonte@gmail.com

Date Received: October 20, 2020; Date Revised: February 7, 2021

Abstract - The main purpose of this study is to examine the interpretation of the borrowed words from Spanish that changed its meaning in some selected editorials that written in Tagalog: the Pilipino Star Ngayon and Bandera News while Super Balita at Banat News for Cebuano-Visayan. Qualitative method was used to analyze and develop a dictionary for selected Spanish words that changed its meaning. The study aimed to answer the following: Newspapers that used loanwords in Spanish, Total number of the loanwords in Spanish, and borrowed words from Spanish that has changed meaning. It was ascertained in the analysis that Bandera News used loanwords from Spanish content word than the rest. Tagalog newspaper used the most loanword from Spanish than Cebuano-Visayan newspaper. In 28 editorials, it contains 841 Spanish loanwords and thirteen (13) of these have changed their meaning: Six words from of Tagalog language and seven (7) from Cebuano-Visayan language. Based on the findings, it was proven that the four (4) newspapers involved in the study freely used loanwords from Spanish with different interpretations in Tagalog and Cebuano-Visayan language.

Keywords: Spanish borrowed words, editorials, newspaper, analysis

ABSTRAK: Pangunahing layunin ng pag-aaral ay suriin ang pagpapakahulugan ng mga hiram na salitang Español na naiba ang kahulugan sa piling editoriyal ng mga dyaryong nasa wikang Tagalog: Pilipino Star Ngayon at Bandera habang Super Balita at Banat News naman para sa Sugbuanong Binisaya na ginamitan ng disenyo ng kwalitatibong paraan ng pananaliksik upang makabuo ng Talatinigan ng mga piling salitang Español na naiba ng kahulugan. Tiniyak sa pag-aaral na masagot ang sumusunod: mga dyaryong gumagamit ng mga salitang hiram na Español; kabuoang bilang ng mga hiram na salitang Español; at mga salitang hiram na Español na naiba ang kahulugan. Natuklasan na ang dyaryong Bandera ang gumagamit ng mas maraming hiram na salitang Español na pangnilalaman. Mas gumagamit ng maraming hiram na salitang Español ang mga dyaryong nasa wikang Tagalog kaysa mga dyaryong nasa Sugbuanong Binisaya. Sa 28 editoriyal, umabot sa 841 ang mga salitang hiram sa Español, natuklasan na 13 salita ang nagkaroon ng ibang pagpapakahulugan, anim sa wikang Tagalog at pito sa wikang Sugbuanong Binisaya. Sa apat na dyaryong saklaw ng pag-aaral, napatunayan na ang mga editoriyal sa wikang Tagalog at Sugbuanong dyaryo ay malayang gumagamit ng mga hiram na salitang Español na may ibang pagpapakahulugan sa wikang Tagalog at Sugbuanong Binisaya.

Mga susing salita: salitang hiram sa Español, editoriyal, dyaryo, pagsusuri

INTRODUKSIYON

Sa kasalukuyang panahon, upang mapunan ang matinding pangangailangan sa sariling wika, naging walang pakundangan ang mga Pilipino sa panghihiram ng mga banyagang salita lalong-lalo na sa wikang kaugnay ng sariling kultura, ang wikang Español. Ayon kay Almario na tinaguriang Pambansang Alagad ng Sining sa larangan ng Panitikan at naging Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), mahigit 5,000 ang salitang hiram sa Espanyol na karaniwang ginagamit sa

kapuluan. Ilan sa mga halimbawa nito ay puwérsa (fuerza), letsón (lechón), lisénsiyá (licencia), sibúyas (cebolla+s), siláhis (celaje+s), sóna (zona), kómang (manco), kumustá (como esta), pórke (por que), at libo-libo pa sa Bikol, Ilokano, Ilonggo, Kapampangan, Pangasinan, Sebwano, Tagalog, Waray, at ibang wikang katutubo na naabot ng kolonyalismong Espanyol [1].


Kung papansinin, ang mga hiram na salitang Español na inilahad ay hindi nagkakatay sa pagbaybay at sa kahulugan nito sa orihinal na salita sa wikang Español. Samantala, may mga hiram na salitang Español rin naman

na ginagamit sa wikang Tagalog o Sugbuanong Binisaya na may pagkakahawig sa pagbaybay at pagbigkas ngunit nagkakaiba sa pagpapakahulugan. Isang magandang halimbawa nito ay ang salitang “di-masyado” na ang ibig sabihin sa Tagalog ay “katamtaman” na mula sa salitang Español na “demasiado” na nangangahulugang sobra o labis. Halos magkatunog ang dalawang salita ngunit malinaw na magkasalungat ang kahulugan at ang paraan ng paggamit nito sa wikang Tagalog. Ang salitang “salida” naman na ginagamit sa Sugbuanong Binisaya na ang ibig sabihin ay “palabas” sa Tagalog ay pareho ang pagbaybay sa salitang Español na “salida” na ang ibig sabihin naman ay “daanan palabas” o “exit” sa Ingles. Ang salitang “way nada” sa Sugbuanong Binisaya ay isang pag-uulit sa salitang Español na “nada” na ang ibig sabihin ay “wala” o “nothing” sa Ingles ayon kay *Webster’s Spanish-English Dictionary for Students* [2].

Ang ganitong mga pagbabago ay madalas ding nakikita sa mga salitang ginagamit ng mga editor sa editoryal ng mga dyaryo sa kasalukuyang panahon. Hindi na naakma ang kahulugan ng orihinal na salita sa mga salitang hiram na ginamit sa wikang Tagalog o Sugbuanong Binisaya.

Sa ganitong kadahilanan, ang mananaliksik ay naudyok na magsagawa ng isang pag-aaral na naglalayong masuri ang mga hiram na salitang Español na naiba ang kahulugan sa wikang Tagalog at Sugbuanong Binisaya sa bahaging editoryal ng mga piling dyaryo. Napili ang editoryal sapagkat ito ay isang napakahalagang bahagi ng pahayagan o ng isang magasin. Ito ang pinakapuso ng isang pahayagang naglalaman ng mga mahahalagang kaalaman at makabuluhang bagay kaya nagpapahiwatig lamang na mahalaga itong pag-aralan at kinakailangang bigyan ng pansin.

Sa kabilang banda, napili ng mananaliksik ang sumusunod na dyaryo na nakalathala sa wikang Tagalog: Pilipino Star Ngayon at Bandera habang Super Balita at Banat News naman para sa Sugbuanong Binisaya bilang panitikan na pagkukunan ng mga editoryal sapagkat ito ay isang inilimbag na publikasyon ng mga balita na inilathala at ibinebenta. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat ang kalalabasan ay makatutulong sa mga estudyante na mapalawak ang kanilang kaalaman sa talasalitaan ng mga wikang sangkot sa pag-aaral gayundin sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino o Español.



Figur 1: Balangkas Teoritikal / Konseptwal ng Pag-aaral

Teoretikal-Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

Ipinapalagay sa pag-aaral na ito na ang mga editoryal ng mga piling Tagalog at Sugbuanong dyaryo ay naglalaman o gumagamit ng mga hiram na salitang Español na may ibang pagpapakahulugan sa katutubong wika. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng pagsusuri sa bawat editoryal at gamit ang unang teoryang pinagbatayan ay ang **Translation Theory** ni Newmark (1988) na siyang isa sa mga pangunahing nagpatibay sa teorya ng pagsasalin. Sa kanyang aklat na *A textbook of Translation* binanggit na, “Translation is rendering the meaning of the text into another language in the way that the author intended the text.”[3].

Ito ay nagsasaad na ang pagsasalang-wika ay pagbibigay-kahulugan sa isang teksto sa ibang wika sa paraang ninanais ng may-akda. Kalimitang inaakala ng marami na ang pagsasalin ay isang payak na pagsasabi ng isang bagay sa ibang wika ngunit ito pala ay maituturing na isang masalimuot at mahirap na gawain.

Ang resulta nito ay nakabase lamang sa editoryal ng bawat dyaryo kung kaya maaring sa isang editoryal ay maliit lamang ang bilang ng mga hiram na salita ang nakuha ngunit sa ibang bahagi pala ng dyaryo ay

Talahanayan 1. Mga Piling Dyaryong Gumamit ng mga Hiram na Salitang Español

Mga Editoryal ng Dyaryong Tagalog at Dyaryong Sugbuanon	Petsa ng Paglathala	Bilang ng mga Hiram na Salitang Español	Kabuuan	Ranggo
Bandera Sukdulang kahiya-hiya 2. Si PNoy na may pusong-bato 3. Set Huhusgahan ng Bayan Ang pagkukunwari ni Sen. Nancy Binay Urong-sulong, laban-bawi, atras-abanteng si Duterte 6. Lacierda problema ng Malacañang, pati ng media 7. Editorial: Hamon kay Alma Moreno	Nobyembre 5, 2015 Nobyembre 12, 2015 Nobyembre 16, 2015 Nobyembre 19, 2015 Nobyembre 23, 2015 Nobyembre 26, 2015 Nobyembre 30, 2015	47 21 32 77 19 33 42	271	1
Banat News Sayop nga lakang Ayaw padani sa barato Palpak sa LTO Sea row sa APEC Summit Angay ipa salamat Unsay gihimo sa LGU's sa Climate Change Kinadatoan ang Sugbo?	Nobyembre 16, 2015 Nobyembre 17, 2015 Nobyembre 18, 2015 Nobyembre 19, 2015 Nobyembre 20, 2015 Nobyembre 21, 2015 Nobyembre 22, 2015	28 24 16 25 26 26 49	194	2
Pilipino Star Ngayon Palitan lahat jailguards sa New Bilibid Prison 'Tanim-bala' limot na dahil sa APEC? May makamtan sana mga na-APEC-tuhan Ang APEC at ang isyu sa environment Walang kaluluwa! Canadian PM, walang paki sa kanilang basura Labanan ang terorismo	Nobyembre 16, 2015 Nobyembre 17, 2015 Nobyembre 18, 2015 Nobyembre 19, 2015 Nobyembre 20, 2015 Nobyembre 21, 2015 Nobyembre 22, 2015	37 37 30 22 18 21 28	193	3
Super Balita Kahadlok, kabalaka Si JVR ug ang Talisay police Diktadoriya sa Kapitolyo? Kuwang og mga doktor? Pagtuman sa traffic law Saludo sa LTO Kakuyaw sa butane canisters	Nobyembre 16, 2015 Nobyembre 17, 2015 Nobyembre 18, 2015 Nobyembre 19, 2015 Nobyembre 20, 2015 Nobyembre 21, 2015 Nobyembre 22, 2015	31 34 29 23 21 24 21	183	4

gumagamit din ito ng mas marami pang hiram na salitang Español. Tulad ng dyaryong Super Balita na nakakuha ng isandaan walumpu't tatlong (183) hiram na salitang Español na siyang nakakuha ng pinakamababang bilang, ang resultang ito ay tiyak na bilang mula sa editoryal ng nabanggit na dyaryo ngunit hindi ito nagpapahiwatig na sa ibang bahagi ng dyaryong ito ay magiging mababa rin ang paggamit ng mga hiram na salitang Español.

Sa talahanayan 2 naman, makikita ang kabuuang bilang ng mga hiram na salitang Español na nakuha sa editoryal. Lumabas sa pagsusuri na sa kategorya ng dyaryong nasa wikang Tagalog, gumamit ng mas maraming hiram na salitang Español ang dyaryong Bandera na napapalooban ng dalawandaan pitumpu't

isang (271) hiram na salitang Español na pangnilalaman kaysa sa Pilipino Star Ngayon na may isandaan siyamnapu't tatlo (193) na salita lamang habang sa grupo naman ng dyaryong nasa Sugbuanong Binisaya ay gumamit ng mas maraming hiram na salitang Español ang Banat News na may isang daan siyamnapu't apat (194) ihambing sa Super Balita na gumamit ng isandaan walumpu't tatlong (183) hiram na salitang Español. Binilang ng mananaliksik ang lahat ng ito at sa kabuuan umabot sa walong daan apat na pu't isa (841) ang bilang ng mga hiram na salitang Español na nakalap mula sa dalawampu't walong (28) editoryal. Apat na raan animnapu't apat (464) na hiram na salitang Español ay mula sa mga editoryal ng dyaryong Tagalog habang tatlong daan pitumpu't pito (377) naman ay mula sa dyaryong Sugbuanong Binisaya.

Talahanayan 2. Kabuoang Bilang ng mga Hiram na Salitang Español sa mga Piling Dyaryo

Mga Editoryal	Bilang ng mga Hiram na Salitang Español sa bawat dyaryo	Kabuuan	Ranggo
DYARYONG TAGALOG			
Pilipino Star Ngayon Palitan lahat jailguards sa New Bilibid Prison 'Tanim-bala' limot na dahil sa APEC? May makamtan sana mga na-APEC-tuhan Ang APEC at ang isyu sa environment Walang kaluluwa! Canadian PM, walang paki sa kanilang basura Labanan ang terorismo	193	464	3
Bandera Sukdulang kahiya-hiya Si PNoy na may pusong-bato Set Huhusgahan ng Bayan Ang pagkukunwari ni Sen. Nancy Binay Urong-sulong, laban-bawi, atras-abanteng si Duterte Lacierda problema ng Malacañang, pati ng media Editorial: Hamon kay Alma Moreno	271		1
DYARYONG SUGBUANON			
Banat News Sayop nga lakang Ayaw padani sa barato Palpak sa LTO Sea row sa APEC Summit Angay ipa salamat Unsay gihimo sa LGU's sa Climate Change Kinadatoan ang Sugbo?	183	377	4
Super Balita Kahadlok, kabalaka Si JVR ug ang Talisay police Diktadoriya sa Kapitolyo? Kuwang og mga doktor? Pagtuman sa traffic law Saludo sa LTO Kakuyaw sa butane canisters	194		2
KABUUAN		841	

Malinaw na mas gumagamit ng maraming hiram na salitang Español ang mga dyaryo na napabilang o nasusulat sa wikang Tagalog kaysa sa mga dyaryong nasa Sugbuanong Binisaya. Nangangahulugang mas malawak ang impluwensya ng wikang Español sa talasalitaan ng wikang Tagalog. Gaya nga ng sinabi sa aklat ng bantog na manunulat na sina Agoncillo at Mangahas na malaki ang impluwensya ng wikang Espanyol sa wikang Tagalog dahil ang rehiyong Katagalugan pa rin ang sentro ng kaayusang panlipunan, pampolitika, pangkultura, at pang-

ekonomiya ng bansa [9].

Gayun pa man, hindi rin maaaring maliitin ang bilang ng mga hiram na salitang Español na bumubuo sa talasalitaan ng Sugbuanong Binisaya. Mula sa walong daan apat na pu't isang (841) hiram na salitang Español na nakuha mula sa dalawampu't walong (28) editoryal, napag-alaman na labintatlo (13) rito ay mga hiram na salitang Español na naiba ang kahulugan sa Tagalog maging sa Sugbuanong Binisaya. Isinama rin sa lista ang mga salitang pareho ang pagkakabaybay at halos magkatunog sa pagbigkas na ipinakita sa Talahanayan

Talahanayan 3. Mga Hiram na Salitang Español na Naiba ang Kahulugan

Hiram na Salitang Español	Katumbas sa Español	Katumbas sa Tagalog	Kahulugan
			LEGEND: 1. Kahulugan sa Español 2. Kahulugan sa Tagalog
ama	<i>padre</i> (ayon sa kahulugan) <i>ama / ama de casa</i> (ayon sa pagbaybay)	tatay	1. Ang salitang <i>padre</i> ay haligi ng tahanan o ang lalaking magulang ng isang bata. Ang salitang <i>ama</i> sa wikang Español ay <i>ginang</i> o tumutukoy sa maybahay o inang binubuhos ang buong oras sa mga gawaing bahay at sa pamilya. 2. Ang <i>tatay</i> ay tumutukoy sa haligi ng tahanan o ang lalaking magulang ng isang bata.
balita	<i>noticias</i> (ayon sa kahulugan) <i>balita</i> (ayon sa pagbaybay)	ulat	1. Ang <i>noticia</i> ay tumutukoy sa mga napapanahong usapin o pangyayari sa loob at labas ng bayan. Ang salitang <i>balita</i> sa wikang Español ay tumutukoy sa maliit na <i>bala</i> . 2. Ang <i>ulat</i> naman sa wikang Tagalog ay tumutukoy sa mga napapanahong usapin o pangyayari sa loob at labas ng bayan.
batas	<i>regla o ley</i> (ayon sa kahulugan) <i>batas</i> (ayon sa pagbaybay)	alituntunin o kautusang bayan	1. Ang salitang <i>regla o ley</i> sa wikang Español ay nangangahulugang mga kautusang ipinapatupad upang maisaayos ang lahat ng bagay. Ang salitang <i>batas</i> sa wikang Español ay tumutukoy sa isang mahabang damit na pangbabae. 2. Ang <i>alituntunin</i> o <i>katusang bayan</i> sa wikang Tagalog ay mga kautusang ipinapatupad upang maisaayos ang lahat ng bagay.
hamon	<i>reto</i> (ayon sa kahulugan) <i>jamón</i> (ayon sa pagbaybay)	pagsubok	1. Ang <i>reto</i> sa wikang Español ayang pagsubok sa kakayahan ng isang tao. Ang salitang <i>jamón</i> na ginagamit sa wikang Español ay tumutukoy sa isang uri ng pagkain, isang <i>carne</i> sa binti ng baboy. 2. Ang <i>pagsubok</i> naman sa wikang Tagalog ay ang pagsukat sa kakayahan ng isang tao.
polisiya	<i>políticas</i> (ayon sa kahulugan) <i>policía</i> (ayon sa pagbaybay)	patakaran o palakad	1. Ang salitang <i>políticas</i> ay tumutukoy sa mga patakaran ng pamahalaan. Ang <i>policía</i> naman ay nangangahulugang taong nagpapanatili ng kaayusan at katahimikan ng isang lugar o ng bansa o mas kilala sa tawag na <i>alagad ng batas</i> . 2. Ang salitang <i>patakaran</i> o <i>palakad</i> ay tumutukoy din sa mga patakaran ng pamahalaan o anumang samahan o organisasyon.
puwesto	<i>lugar</i> (ayon sa kahulugan) <i>poner/ puesto</i> (ayon sa pagbaybay)	katungkulan	1. Ang salitang <i>lugar</i> sa wikang Español ay tumutukoy sa lugar, katungkulan o posisyon na kinalulukan ng isang tao. Samantalang ang salitang <i>puesto</i> sa wikang Español ay isang pandiwa o aksyong naganap na, na nangangahulugang <i>nilagay</i> . 2. Sa Tagalog naman, ang salitang <i>katungkulan</i> ay nangangahulugan ding isang <i>lugar</i> , <i>katungkulan</i> o <i>posisyon</i> na kinalulukan ng isang tao.

Sa labintatlong (13) hiram na salitang Español na nakuha, anim (6) dito ay mula o ginamit sa wikang Tagalog na sumusunod: **ama** /a.mah/, **batas** /ba.tas/, **balita** /ba.li.ta/, **hamon** /ha.mon/, **polisiya** /po.li.si.yah/ at **puwesto** /pu.wes.toh/. Talamak ang paggamit ng anim (6) na hiram na salitang Español na nakuha mula sa editoryal sa kasalukuyang

panahon at maliban dito ay marami pang ibang salita ang nag-iiba na ng kahulugan sa tuwing ginagamit sa Tagalog.

Sa Talahanayan 4 naman inisa-isa ang mga hiram na salitang Español na naiba ang kahulugan na nakuha mula sa mga editoryal ng Sugbuanong Binisaya. Ang mga salitang tinutukoy ay **siguro** /si.gu.roh/, **dato** /da.to/, **kwarda** /kwar:tah/, **luna** /lu.na/, **nauna** /na:u.nah/, **kaha**

Rebamonte & Rebamonte, Dilang Hiram: Mga Salitang Español na Naiba ang Kahulugan....

/ka.ha'/' at **porbida** /por.bi.dah/ na may katumbas sa pagbaybay nito.

wikang Español ayon sa kahulugan at ayon sa

Talahanayan 4. Mga Hiram na Salitang Español na Naiba ang Kahulugan

Hiram na Salitang Español	Katumbas sa Español	umbas sa Tagalog	Kahulugan
			LEGEND: Kahulugan sa Español Kahulugan sa Sugbuanong Binisaya
dato	<i>rico</i> o <i>rica</i> (ayon sa kahulugan) <i>dato</i> (ayon sa pagbaybay)	adunahan	1. Ang salitang <i>rico</i> o <i>rica</i> ay tumutukoy sa taong may maraming pera. Ang salitang <i>dato</i> o <i>datos</i> naman na ginagamit sa wikang Español ay tumutukoy sa mga mahahalagang kasulatan o mga katunayan na isinulat. 2. Ang katumbas ng salitang <i>rico</i> sa Sugbuanong Binisaya ay <i>adunahan</i> na tumutukoy sa isang taong mayaman o maraming salapi.
kaha	<i>tal vez</i> o <i>quizás</i> (ayon sa kahulugan) <i>caja</i> (ayon sa pagbaybay)	tingali	1. Ang salitang <i>tal vez</i> at <i>quizás</i> sa wikang Español ay nagpapahayag ng bagay na maaaring mang-yari o salitang <i>malamang</i> at <i>siguro</i> sa wikang Tagalog. Ang salitang Español na <i>caja</i> ay nangangahulugang <i>kahon</i> . 2. Ang tingali naman na salitang ginagamit sa Sugbuanong Binisaya ay nangangahulugan ding <i>malamang</i> at <i>siguro</i> sa wikang Tagalog.
kuwarta	<i>dinero</i> (ayon sa kahulugan) <i>cuarta</i> o <i>cuarto</i> (ayon sa pagbaybay)	sapi o salapi	1. Ang <i>dinero</i> ay isang bagay na ibinibigay kapalit ng ninanais na kasangkapan o serbisyo. Ang salitang <i>cuarta</i> o <i>cuarto</i> naman sa Español ay nangangahulugang silid at maaari ring <i>sangkapat</i> sa Tagalog. 2. Ang <i>sapi</i> o <i>salapi</i> na ginagamit sa Sugbuanong Binisaya ay nangangahulugang <i>pera</i> .
luna	<i>lugar</i> o <i>espacio</i> (ayon sa kahulugan) <i>luna</i> (ayon sa kahulugan)	dapit	1. Ang <i>lugar</i> o <i>espacio</i> na salitang Español ay tumutukoy sa lugar o posisyon ng isang bagay o tao. Ang salitang <i>luna</i> sa wikang Español ay nangangahulugang buwan sa gabi. 2. Ang <i>dapit</i> naman sa Sugbuanong Binisaya ay tumutukoy din naman sa lugar o posisyon ng isang bagay o tao.
nauna	<i>ser el primero</i> (ayon sa kahulugan) <i>una</i> (ayon sa kahulugan)	sinugdanan	1. Ang <i>ser el primero</i> ay ang tumutukoy sa bagay o tao na nasa unang puwesto. Ang salitang <i>una</i> sa wikang Español ay nangangahulugang <i>isa</i> sa Tagalog o <i>a</i> at <i>an</i> sa Ingles. 2. Ang salitang <i>sinugdanan</i> naman sa Sugbuanong Binisaya ay tumutukoy ulit sa bagay o tao na nasa unang posisyon, lugar o puwesto.
porbida	<i>caramba</i> (ayon sa kahulugan) <i>por vida</i> (ayon sa pagbaybay)	porbida o pastilan	1. Ang salitang <i>caramba</i> ay isang ekspresyon na nangangahulugang <i>gosh</i> o <i>golly</i> sa wikang Ingles. Ang salitang <i>por vida</i> sa wikang Español ay nangangahulugang <i>sa buhay</i> ng isang tao. 2. Ang <i>pastilan</i> naman sa Sugbuanong Binisaya ay pagpapahayag ng hindi pagsang-ayon o pagrereklamo.
siguro	<i>tal vez</i> o <i>quizás</i> (ayon sa kahulugan) <i>siguro</i> (ayon sa pagbaybay)	tingali o basig	1. Ang salitang <i>tal vez</i> o <i>quizás</i> sa wikang Español ay nangangahulugang <i>marahil</i> o <i>maaari</i> . Ang salitang <i>siguro</i> naman ay ang pagiging tiyak sa isang bagay. 2. Ang salitang <i>tingali</i> o <i>basig</i> na ginagamit sa Sugbuanong Binisaya ay nangangahulugan ding <i>marahil</i> o <i>maaari</i> .

Ang lahat ng salitang binanggit ay magkakatulad ng kahulugan ngunit sa bokabularyo ng wikang Español, ang hiram na salitang *siguro* ay nahahawig sa pagbigkas sa salitang Español na *seguro* na ang ibig sabihin ay pagiging tiyak o walang pagdadalawang isip sa isang bagay, *sure* din ang katumbas nito sa wikang Ingles. Malinaw din sa pagbaybay nito ang pagkakahawig ng dalawang salita, nagkakaiba lamang sa titik na /e/ at /i/ na napapabilang sa mgamalayang nagpapalitang tunog. Ito ay malinaw na hiniram sa wikang Español ngunit nang gamitin sa Sugbuanong Binisaya ay naiba nang kahulugan

Samakatuwid, ang mga hiram na salitang tinalakay at binigyang-kahulugan ang nagpapatunay na may mga hiram na salitang ginagamit sa kasalukuyang panahon sa wikang Tagalog maging sa Sugbuanong Binisaya ay nagtataglay ng ibang pagpapakahulugan na lingid sa kaalaman ng karamihan.

NATUKLASAN

Natuklasan ng mananaliksik na ang dyaryong **Bandera** ang gumamit ng pinakamaraming hiram na salitang Español. Lumabas din sa pagsusuri na mas gumagamit ng maraming hiram na salitang Español ang mga dyaryong nasa wikang Tagalog kaysa sa mga dyaryong nasa Sugbuanong Binisaya. Natuklasan din na sa dalawampu't walong (28) editoryal may walundaan apat napu't isa (841) salitang hiram sa Wikang Español. Apat na raan anim napu't apat (464) sa dyaryong Tagalog at tatlong pitumpu't pito (377) sa Sugbuanong Binisaya. Labintatlong (13) hiram na salitang Español ang natuklasan na naiba ang kahulugan, anim (6) sa dyaryong Tagalog at pito (7) sa dyaryong Sugbuanong Binisaya. Batay sa lumabas na resulta ng pag-aaral, nakabuo ang mananaliksik ng isang talatinigan bilang awtput. Ang talatinigang ito ay binubuo ng labintatlong (13) hiram na salitang Español na naiba ang kahulugan sa wikang Tagalog at Sugbuanong Binisaya

KONKLUSYON

Sa apat na dyaryong saklaw ng pag-aaral, napatunayan na ang mga editoryal ng mga piling Tagalog at Sugbuanong dyaryo ay malayang gumagamit ng mga hiram na salitang Español na may ibang pagpapakahulugan sa wikang Tagalog at Sugbuanong Binisaya.

REKOMENDASYON

Mula sa natuklasan at nabuong konklusyon sa ginagawang pagsusuri, narito ang mga mungkahing pag-aaral sa sinumang nais gumawa ng kaugnay na pananaliksik: (1) Gamiting lunsaran ang mga balita lalo na ang bahaging editoryal sa pagpapayaman ng talasalitaan sa Tagalog at Español. (2) Magsuri pa ng iba pang artikulo sa pahayagan hindi lamang balita o editoryal sapagkat ito'y isang awtentikong kagamitan na abot kaya ng bulsa at isipan. (3) Gamiting lunsaran ang mga dyaryong Tagalog at Sugbuanong Binisaya sa pagtalakay di lamang sa asignaturang Filipino at Cebuano kundi maging sa asignaturang Español 1 at 2. (4) Pagtuunan ang ibang genre ng panitikan tulad ng lathalain o pampalakasan na naglalaman o gumagamit ng mga hiram na salitang Español. (5) Magamit ng mga propesor, guro at estudyante ang talatinigan na awtput ng pag-aaral sa pagpapalawak ng bokabularyo sa Tagalog, Sinugbuanong Binisaya at Español. (6) Magkakaroon ng pahayagang Español sa mga silid-aklatan upang makatulong sa eksposyur ng mga estudyante sa mga babasahing ganito na mahasa ang kanilang bokabularyo at kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat sa Wikang Español. (6) Para sa mga tagapamanihala, tagapangasiwa na maglaan ng espasyo o reading center sa mga paaralan at unibersidad upang magkaroon ng pagkakataon at interes ang mga estudyante na magbasa ng mga pahayagang nasa Wikang Tagalog, Español at Sugbuanong Binisaya.

SANGGUNIAN

- [1] Almario, V.S. (2009). Filipino ng mga Filipino. ANVIL Publishing, Inc. Pasig City,
- [2] Merriam-Webster. Webster's Spanish-English Dictionary for Students. Federal Street Press. Springfield, MA, 2003.
- [3] Newmark, P. (1988). A textbook of Translation. Wheaton & Co. Ltd. Great Britain.
- [4] Komisyon sa Wikang Filipino. Manwal Sa Pagsasalain. JR Estole Enterprise. Zapote Las Piñas City, 2003.
- [5] Hock, H. H. (1991). Principles of Historical Linguistic Second Edition, Mouton de Gruyter. New York,
- [6] Hock, H. H. & Joseph, B.D. (1996). Language History, Language Change and Language Relationship: an introduction to historical and comparative linguistics. Berlin: De Gruyter.
- [7] Cruz, C. J. (1997). Campus Journalism and School Paper Advising. Rex Printing Company Inc. Quezon City.
- [8] Durkin, P. (2015). Borrowed Words: A History of Loanwords in English. Oxford University Press. Oxford.
- [9] Agoncillo, T.A. & Mangahas, F.B (2012). Kasaysayan ng Pilipinas. C&E Publishing, Inc. Edsa Quezon City, 2012.

PILIPINO STAR NGAYON

Lunes, Nobyembre 16, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/pilipino-star-ngayon/20151116>

Martes, Nobyembre 17, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/pilipino-star-ngayon/20151117>

Miyerkules, Nobyembre 18, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/pilipino-star-ngayon/20151118>

Huwebes, Nobyembre 19, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/pilipino-star-ngayon/20151119>

Biyernes, Nobyembre 20, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/pilipino-star-ngayon/20151120>

Sabado, Nobyembre 21, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/pilipino-star-ngayon/20151121>

Linggo, Nobyembre 22, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/pilipino-star-ngayon/20151122>

BANDERA

Huwebes, Nobyembre 5, 2015
<http://bandera.inquirer.net/107212/sukdulang-kahiya-hiya#ixzz3wG95TBHC>

Huwebes, Nobyembre 12, 2015
<http://bandera.inquirer.net/107860/si-pnoy-na-may-pusong-bato#ixzzwGATn922>

Lunes, Nobyembre 16, 2015
<http://www.pressreader.com/philippines/bandera-visayas/20151116>

Huwebes, Nobyembre 19, 2015
<http://bandera.inquirer.net/108481/ang-pagkukunwari-nisen-nancy-binay#ixzz3wFyS6f1q>

Lunes, Nobyembre 3, 2015
<http://bandera.inquirer.net/108806/urong-sulong-laban-bawi-atras-abanteng-si-duterte#ixzz3wLA5HFLf>

Huwebes, Nobyembre 26, 2015
<http://bandera.inquirer.net/109055/lacierda-problema-ng-malacanang-pati-ng-media#ixzz3wG7m9BDk>

Lunes, Nobyembre 30, 2015
<http://bandera.inquirer.net/109438/editorial-hamon-kay-alma-moreno#ixzz3wGAzzOE9>

SUPER BALITA

Lunes, Nobyembre 16, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/16/editoryal-si-jvr-ug-ang-talisay-police-441806>

Martes, Nobyembre 17, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/17/editoryal-diktadoriya-sa-kapitolyo-441963>

Miyerkules, Nobyembre 18, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/18/editoryal-kuwang-og-mga-doktor-442176>

Huwebes, Nobyembre 19, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/19/editoryal-pagtuman-sa-traffic-law-442366>

Biyernes, Nobyembre 20, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/20/editoryal-saludo-sa-lto-442581>

Sabado, Nobyembre 21, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/21/editoryal-kakuyaw-sa-butane-canisters-442755>

Linggo, Nobyembre 22, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/22/editoryal-estrategiya-ni-duterte-442914>

Linggo, Nobyembre 22, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/22/editoryal-estrategiya-ni-duterte-442914>

Linggo, Nobyembre 22, 2015
<http://www.sunstar.com.ph/superbalita-cebu/opinyon/2015/11/22/editoryal-estrategiya-ni-duterte-442914>

BANAT NEWS

Lunes, Nobyembre 16, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/16/1522337/editoryal-sayop-nga-lakang>

Martes, Nobyembre 17, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/17/1522703/editoryal-ayaw-padani-sa-barato>

Miyerkules, Nobyembre 18, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/18/1523067/editoryal-palpak-sa-lto>

Huwebes, Nobyembre 19, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/19/1523471/editoryal-sea-row-sa-apec-summit>

Biyernes, Nobyembre 20, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/20/1523828/editoryal-angay-ipa-salamat>

Sabado, Nobyembre 21, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/21/1524164/editoryal-unsay-gihimo-sa-lagus-sa-climate-change>

Linggo, Nobyembre 22, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/22/1524498/editoryal-kinadatoan-ang-sugbo>

Linggo, Nobyembre 22, 2015
<http://www.philstar.com/banat-opinyon/2015/11/22/1524498/editoryal-kinadatoan-ang-sugbo>

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).

